

# 1

Nasisiraan na siya ng bait.

Iyon lang ang naiisip ni Rebecca na dahilan kung bakit nakasakay siya sa bus papuntang Baguio sa gitna ng isa sa pinakamalalakas na bagyo ng taon. Nababaliw na nga siya.

Hindi lang iyon ang dahilan. Kaka-resign lang niya sa trabaho na dalawang taon niyang pinasukan. Trainer siya sa isang call center sa Ortigas, kumikita ng malaking halaga, maraming kaibigan, nakatira malapit sa trabaho. Pero halos isang buwan na rin niyang kinukondisyon ang sarili bago pumasok. Ayaw na niyang bumangon sa umaga, lagi na siyang late. Hindi niya gusto ang boss niya. Mabilis na siyang mainis sa mga trainees niyang nakakadugo ng ilong ang English. At higit sa lahat, pakiramdam niya ay hindi na siya effective sa trabaho niya.

*Work-related stress lang, sabi ng mga kaibigan niya. Mag-leave ka lang sandali, mawawala din 'yan.* Pero ano ang ginawa niya? Nag-resign na siya. Nag-resign! At iyong backpay na nakuha niya sa kompanya ang gagamitin niya para makapagbakasyon at makapagpahinga.

Twenty-five years old na si Rebecca, simple lang ang hitsura, mahaba ang buhok, bilugan ang mga mata, maganda ngumiti at may dimples. Masipag siyang magtrabaho. Matalino, pero pakiramdam niya ay nasasayang ang buhay niya dahil hanggang ngayon, wala pa rin iyong direksyon. May mga kaibigan siyang may asawa't anak na, mga kaibigang masaya sa trabaho, pero bakit, naisip niya, parang may kulang sa buhay niya at hindi siya masaya sa ginagawa niya?

Iniiisip pa din iyon ni Rebecca habang nakatitig sa labas ng bintana ng sinasakyang bus biyaheng Baguio. Malakas ang ulan at madilim ang langit. Marahang umusad ang sasakyan. Sana sa oras na gugugulin niya sa bakasyon ay mahanap na niya kung saan ba talaga siya dapat.

---

*Baliw!* inis na sabi ni Nicko Callanta sa sarili habang tumatakbo upang habulin ang papaalis na bus na biyaheng Baguio. *Kung hindi ka ba naman isa't kalahating tanga, hindi ka bibiyahe nang may bagyo! At s'an ka pupunta? Sa Baguio? Kailan ka pumunta sa lugar na iyon nang mag-isa at walang dalang kotse? Bobo!*

Mabilis siyang umakyat ng bus nang pagbuksan

ng pinto ng konduktor. Mangilang-ngilan lang ang sakay niyon at mabilis siyang nakaupo. Ibinaba niya ang dalang backpack, saka sinuklay ang daliri sa basang buhok. *Baliw talaga.*

Kagabi lang, nakipagkalas siya sa nobya ng dalawang taon. Maganda si Amanda; mayaman, mabait at matalino, pero hindi pa handa si Nicko sa mga gusto nitong mangyari. Hindi pa siya handang magpakasal. Galit na galit ang nobya niya. Well, *ex-girlfriend*. Dalawang taon na nga naman sila, hindi pa siya handa. Sabihin na lang daw niyang ayaw niya talaga itong pakasalan. Napailing na lang si Nicko at sumandal sa kinauupuan.

Guwapo ang binata, matangkad, tuwid ang buhok, singkit ang mga mata. Operations Manager siya sa isang sikat na call center sa Makati. Masipag, matalino, may kaya ang pamilya at mabait. Hindi naman siya masamang tao para manatili sa isang relasyon dahil mahal niya si Amanda. Hindi pa nga lang siya handang magpakasal.

Iniiisip niya kung mali bang desisyon ang ginawa niya na makipag-break sa babae habang sumisilip siya sa labas ng bintana, kung saan kita niya ang malakas ang ulan at madilim na langit. Isang linggo lang siya sa Baguio. Siguro pagkatapos noon, alam

na niya kung tama o mali ang naging desisyon niya.

---

Nag-stopover ang bus sa bandang Pangasinan at bumaba si Rebecca para igalaw ang mga binti. Sumilong siya sa bubungan ng bus stop habang ang ibang mga pasahero naman ay nagpunta sa CR o namili ng makakain. Malamig ang hangin at medyo malakas pa rin ang ulan. Sigurado siyang napakalamig sa Baguio.

Nagulat siya nang may biglang humatsing sa bandang likuran niya. Napatingin siya roon at nakita ang lalaking kasabay niya sa bus.

“Sorry, excuse me... achooo!” ulit nito at natatawang pinahiran ng panyo ang mata. “Excuse me ulit.”

Di napigilang napangiti si Rebecca.

Pinagmasdan siya ni Nicko. Napansin nito, maganda na ang babae, pero kapag ngumiti pa siya...

“Sorry,” ulit nitong suminghot pa na parang nagpapaawa. “Naulanan kasi ako kanina. Pareho tayo ng bus, di ba?”

Tumango si Rebecca. “May antihistamine ako sa bag. Inumin mo mamaya para hindi matuluyan ’yan.”

Ngumiti na rin si Nicko, inabot ang kamay sa dalaga. “Nicko Callanta.”

Kinamayan niya ito. “Rebecca Alcantara.”

---

Sobrang lakas ng ulan sa Baguio.

Nasa loob sila ng istasyon ng *Victory Liner* at nagpapatila ng ulan. Naka-jacket na si Rebecca at yakap ang sarili habang binabantayan ang mga gamit nila ni Nicko. Mula Pangasinan hanggang Baguio nagkuwentuhan sila. Tutal kaunti lang ang pasahero, naupo sila sa magkatapat na hilera sa bus. Masayang kausap ang lalaki. Maraming kuwento, mapagbiro, hindi mayabang at nakikinig kapag siya naman ang nagkuwento. Pareho silang taga-call center kaya maraming mga istoryang nagkakaintindihan sila. May mga kilala rin si Nicko sa mga kasama niya sa trabaho, at gayundin siya. Ngumiti siya nang abutan siya nito ng isang cup ng mainit na kape. Guwapo talaga ito, naisip niya.

“S’an ka ba titira dito?” tanong ng binata nang makaupo sa tabi niya.

“May reservation ako sa hotel sa Session Road,” sagot niya matapos hipan ang kape. Binanggit niya ang pangalan ng hotel at nakita niya ang tuwa sa

mukha ni Nicko.

“What a coincidence! D’un din ako! No joke!” sabi nito. Tahimik nilang ininom ang kape at nang matapos, tumayo na si Nicko. “Since d’un din naman ako pupunta, gusto mo sabay na tayo sa taxi?”

Tumayo rin si Rebecca. “Don’t tell me, gusto mo akong maging tour guide?”

“Honestly, wala akong alam dito sa Baguio. So yeah, I need you to be my tour guide.” Matamis ang ngiti ni Nicko, parang anghel na hindi gagawa ng kasalanan.

Natawa si Rebecca. Kinuha niya ang backpack at nagbibirong itinuro ang bagahe. Inangat iyon ni Nicko at sinundan ang dalaga palabas.

---

Madilim pa rin sa labas at napakalamig nang magising si Rebecca kinabukasan. Inangat lang niya ang ulo para tingnan ang orasan, pagkatapos ay muling pumikit at sumuot sa ilalim ng unan. Bakasyon. Baguio. Walang problema. Walang klase. Walang istorbo—

Biglang nag-ring ang cellphone niya.

Pinilit niyang hindi ito pansinin, pero patuloy ang

pagtugtog ng kanta ni Josh Groban mula sa telepono. Nilusot niya ang kamay mula sa ilalim ng unan upang kunin ito saka sinagot ang tawag.

“Tulog ka pa?” paunang bati ng nasa kabilang linya.

Tiningnan ni Rebecca ang pangalan sa screen: *Nicko Callanta*. “Kung tulog pa ’ko, makakausap mo ba ako?”

“Ay sorry, nagising pala kita.”

Bumangon na rin siya. Sigurado naman siyang hindi na siya matutulog. “Bakit po?”

“Nine o’clock na kasi. Baka gusto mo nang mag-breakfast. Sabay na sana tayo.”

Kinusot ni Rebecca ang mga mata. “Asan ka?”

“Sa labas ng kuwarto mo.”

Dali-dali siyang nagpunta sa pinto at binuksan ito. Nandoon nga ang binata—nakangiti, bagong ligo at mabango. Biglang nahiya si Rebecca. Sigurado niyang mukhang pugad ng ibon ang ulo niya at puro guhit ng unan ang mukha niya.

“Sige, sige, antayin mo na lang ako sa lobby. Maliligo lang ako.”

“Okay.”

---

Sa café sa hotel sila nag-almusal. Tocino at fried egg ang in-order ni Rebecca. Gayundin ang kay Nicko, pero pang-tatlong tao yata ang kinain nito. Nahalata niya ang pagkakatingin sa kanya ng dalaga.

“Ganito talaga ’ko kumain,” paliwanag ni Nicko nang magnakaw siya ng isang slice ng tocino galing sa pinggan ni Rebecca. “Ba’t ka nga pala nandito sa Baguio?”

Napakunot ang noo ng dalaga. “Ba’t mo naman natanong ’yan?”

Nagkibit si Nicko. “Kasi bumabagyo ka naman magbakasyon.” Sumubo ito muli ng kanin.

“Eh, bakit ikaw?”

Ngumuya nang mabuti si Nicko. Halatang nag-iisip kung sasagutin ang tanong niya o hindi. Lumunok ito. “Pag sinagot ko ba ’yan, sasagutin mo rin ’yung tanong ko?” Tumango si Rebecca. “Nakipag-break ako sa girlfriend ko ng two years. Gusto kong lumayo at mag-isip.”

Mukhang nagulat ang dalaga. “Two years?”



Ngumiti si Nicko. “Okay naman ako. Iniisip ko lang kung bakit masaya naman ako samantalang tragic ’yung nangyari. Ikaw? Sagutin mo ’yung tanong ko,” pamimilit nito with matching hila pa sa manggas ng jacket niya.

Si Rebecca naman ang nagkibit-balikat. “Nag-resign ako. Napagod na ko, eh.”

“Ah. Ganyan naman yata talaga. Pag sawa ka na.”

“Hindi naman sa sawa na ’ko,” paliwanag ng dalaga. “Parang hindi lang kasi ’yun ’yung dapat na ginagawa ko.”

“Ah,” ulit ng lalaki. “Quarter-life crisis.”

“Bakit kaya quarter-life crisis ang tawag d’un, eh, hindi naman tayo mabubuhay ng one hundred years. Dapat mid-life crisis na.”

Tumawa si Nicko. “Oo nga naman. Sorry na po. Hayaan mo na. ’Wag mo muna isipin. Pahinga muna tayo at maggala na parang walang problema. At pagkatapos kumain, ipapasyal mo ako sa buong Baguio.”

---

Matapos kumain, naglakad sila papuntang *Burnham Park*. Madilim pa ang langit at malakas ang

hangin, pero marami na rin ang naglalakad-lakad. Pinagmasdan ni Rebecca ang kasama. Nakapamulsa si Nicko at mapula ang ilong dahil sa lamig na siya niyang ikinatawa.

“Sipunin ka pala,” sabi niya.

Dumila si Nicko bago suminghot. “May allergic rhinitis po ako. Iba ’yun sa totoong sipon.”

“Ganun pa din ’yun.” Malakas na tumawa si Rebecca.

“Heh!” pabirong sabi ni Nicko. “S’an ba dito ang *Mercury Drug* at makabili na ng gamot para hindi mo na ’ko tuksuhin.”

“Maglalakad lang tayo, ha,” sabi ni Rebecca. Mahilig kasi siyang maglakad-lakad. Kahit sa kasagsagan ng init sa Manila ay ganoon ang ginagawa niya. Ito ang kanyang exercise at ang paraan na niya para makapag-isip-isip.

Ganoon din naman si Nicko. Lalo na kapag malamig ang panahon at may mahinang ulan. Iyon nga lang, mabilis itong sipunin.

“Not a problem,” tango ng binata. “Punta na din tayo sa *SM Baguio*. Di pa ko nakakapunta d’un.”

Mabuti na lang at hindi umulan habang

binabagtas nila paakyat ang Session Road. Malamig ang hangin at talagang napakasarap nito para sa dalawa na sanay sa malagkit na init ng Maynila. Hindi mapigil ni Nicko ang ngiti at totoong tuwang-tuwa ito. Napansin iyon ni Rebecca na pilit ring itinatago ang saya. Naiisip niyang hindi siya nagkamali sa pagpili ng lugar na pinuntahan. Pakiramdam niya ay nabunutan siya ng isang malaking tinik. Kailangan pala talaga niya itong bakasyon na ito matapos ang mahabang panahon na ginugol niya sa trabahong hindi naman siya nasisiyahan.

Ganundin si Nicko. Pakiramdam niya ay malayang-malaya siya.

Nakarating sila ng *SM Baguio* na hindi man lang hiningal o pinagpawisan. Pumasok sila roon at nag-ikot-ikot. Mabilis nahila niya si Nicko sa isang bookstore na ikinaaliw ng binata. Kung ibang babae kasi ang kasama niya, malamang nadala na siya sa mga tindahan ng damit o di kaya ay alahas.

Si Rebecca naman ay mahilig na mahilig sa libro. May dala na siyang plastic bag ng mangilan-ngilang libro nang makalabas sila sa pangalawang bookstore na pinasukan.

Wala sa sariling kinuha iyon ni Nicko. “Ano ba’ng balak mo dito sa Baguio—magbakasyon o magbasa?”

Nginitian niya ito. Lihim siyang kinikilig sa ipinakita nitong pagiging gentleman. “Ano ba’ng pagkakaiba n’un?”

Sinilip nito ang laman ng supot at napailing. Hindi kasi ito mahilig magbasa, at sa tantiya ng binata, hindi nito matatapos ni isa sa mga libro na iyon kahit bigyan pa siya ng isang taon.

Nag-ikot-ikot pa sila sandali. Kahit may bagyo ay maraming tao sa mall. Dumaan sila sa isang parte kung saan nagsisiksikan ang mga tao dahil may pinapanood ang mga itong kumakanta. Kinuha ni Nicko ang kamay ni Rebecca upang alalayan itong dumaan sa pagitan ng mga nagsisiksikan. Hindi na nila napansing malayo na silang dalawa sa mataong lugar, pero magkahawak pa rin sila ng kamay.

“Nagugutom ka na ba?” tanong ng binata mayamaya.

“Medyo,” pag-amin niya.

“Ano gusto mo kainin?”

“Ikaw,” wala sa loob na sagot niya.

“Ako!” Nagkunwaring nagulat si Nicko at hinampas niya ito sa braso.

“Sira! Ibig kong sabihin, ikaw na ang bahalang

pumili ng kakainin natin.”

Napakamot ng batok si Nicko. “Ayan, buoin mo kasi. Kung anu-ano tuloy naiisip ko.”

Pigil ang tawang kinurot niya ito. “Madumi kasi isip mo.”

---

Kumain sila ng pizza sa *Sbarro* at nang makalabas ay nabutan nilang malakas na naman ang ulan. Nagtungo muna sila sa *Starbucks* para makapagkape habang nagpapatila ng ulan. Parang matagal na silang magkaibigan sa sobrang pagkakapalagayan ng loob. Napakarami na nilang napag-usapan at kilala na nila halos ang isa’t isa.

“Yung dalawang kuya ko, mga teachers. ’Yung isa Math, ’yung isa Christian Living Ed.” Hinalo ni Rebecca ang mainit na caramel macchiato habang nagkukuwento. “May mga asawa na sila so ako na lang ’yung nasa bahay. Ayokong mag-teacher, eh. Kaya nga ako napa-resign sa trabaho kasi pag trainer ka, di ba, teacher ka na din n’un? Kaya lang naman ako nag-call center kasi malaki ang kita.” Nagkibit-balikat ito. “Ikaw? Ops ka pa naman.” Ang ops ay pinaikling tawag nila sa ‘Operations’ o ang departamento na siyang dugo at buhay ng isang call center.

Sumandal si Nicko sa malaking couch na kanilang inookupa habang hinihipan ang mainit na café latte na in-order nito. “Rebelde ako.”

“Ano?” natatawa niyang tanong.

“Oo!” pilit nito. “Rebelde ako. Arkitekto kasi ang daddy namin. So si Kuya Nathan, bata pa siya, alam niyang architecture na ang kukunin niya ’tapos dun siya sa family business magtatrabaho. Si Kuya Noah naman, nag-civil engineering. Pero d’un din siya nagtatrabaho.”

“Eh, ikaw?” Biglang na-curious si Rebecca tungkol sa pamilya ng binata.

“Architecture grad din ako,” sabi ni Nicko. “Pero kinausap ko sila n’ung bago ang graduation ko. Sinabi ko, ayoko munang pumasok sa construction company namin. Maghahanap muna ko ng ibang trabaho.”

“Hindi nagalit ang daddy mo?” parang nag-aalalang tanong ni Rebecca.

“Hindi! Sobrang supportive ng pamilya ko. Naintindihan naman nila na lahat sila alam kung saan dederecho ang buhay at ako ay laging may gustong i-try muna na bago. Gusto ko munang mag-explore.” Kinindatan siya nito. “Di ba rebellious?”

Natawa siya at nag-indian seat sa inuupuang sofa. “Kala ko naman kung anong klaseng rebel ka na.”

“Di naman ako nagda-drugs o ano. Mabait naman ako. ‘Yun nga lang,” naging seryoso ito, “parang hinahanap ko pa ‘yung sarili ko.”

“Pareho tayo, sobra. ‘Yung parang may kulang...”

“Na hindi mo mahanap sa sarili mo.”

“Pero hindi mo din alam kung ano siya....”

Nagtama ang mga paningin nila at tila mayroong nag-iba sa hangin. Naging parang silang dalawa lang ang nasa loob ng *Starbucks*, ang nasa mundo.

Ipinilig ni Nicko ang ulo at kasabay niyon ang pag-iwas ng tingin ni Rebecca. Hindi naghahanap ng girlfriend ang binata, at hindi rin siya naghahanap ng boyfriend.

“Mahina na ang ulan,” anunsyo ni Nicko na nakatingin sa labas ng bintana.

“Halika na,” aya ng dalaga sabay tayo mula sa kinauupuan. “Umuwi na tayo.”

## 2

Kinabukasan ay maaliwalas na ang panahon. Kulay-asul na ang langit at kahit malakas-lakas pa rin ang hangin, mukhang hindi na uulan. Nahila ni Nicko si Rebecca papuntang *Burnham Park* at napilit siyang mag-boating. Nakalabi ang dalaga habang masayang nagsasagwan ang lalaki patungo sa gitna ng lagoon.

“Oy,” sabi nito sabay tapik sa paa niya gamit ang sariling paa. “Smile ka na, ito naman.”

“Ang corny kasi, eh. Mukha tayong turista,” nakairap na reklamo ni Rebecca.

“For your information, turista po tayo.”

“Ikaw lang.” Humalukipkip pa si Rebecca at tumingin sa malayo.

“Uy, nagsusungit ang magandang babae,” tukso ni Nicko. “Meron ka ngayon, ’no.”

“Heh! Magsagwan ka na nga lang diyan.”

At dahil sa madaldal at halatang tuwang-tuwa ang binata, hindi na napigilan ni Rebecca ang mahawa rito.



Nagtungo rin sila sa *Mines View Park* kung saan nagkandapagod sila sa kakakuha ng litrato. Kumain din sila ng inihaw na mais, inihaw na pusit at kung anu-ano pang puwedeng ihawin.

Namimili si Rebecca ng maliliit na coin purse na ipapasalubong sa mga kaibigan, nang may bumalot sa ulo niya na makapal na shawl. Mabilis niya iyong itinulak palayo sa mata saka binungaran ang nakangiting mukha ni Nicko.

“Para sa ’yo,” sabi nito habang inaayos ang shawl sa balikat niya. Ginantsilyo ito at ang kulay ay siyang paborito niyang pagka-asul. Hinawakan niya iyon at muling tumingin sa binata.

“For what?”

“Thank you kasi sinamahan mo ’ko dito sa Baguio. Thank you kasi ito na yata ang pinakamasayang bakasyon ko sa buhay ko.” Malawak ang pagkakangiti ni Nicko, punung-puno ng kasiyahan at sinseridad ang mga tsinito nitong mga mata.

Napansin na lang ni Rebecca na nag-iinit ang mukha niya. Ngumiti siya at nag-iwas ng tingin.

“Thank you,” sabi niya, habang humihigpit ang

pagkakahawak sa bagong shawl.

“Uy, nagba-blush ang magandang babae,” tukso nito habang inaangat ni Nicko ang mukha niya gamit ang dalawang daliri.

Iyon ang pangalawang beses na tinawag siya nitong maganda sa araw na iyon. Nakangiti niyang iniwas ang mukha. “Tumigil ka nga sa kaka-maganda mo diyan at baka maniwala na ’ko sa ’yo mamaya,” aniya, sabay talikod.

Sinundan siya ni Nicko para mangulit. “O, bakit? Ikaw kasi ayaw mo pa kong tawaging guwapo. Fishing lang naman ako.”

Tinapunan niya ito ng irap na ikinatawa ng lalaki nang malakas. Muli niya itong tinalikuran saka naman siya nito hinabol at hinawakan sa braso. Tiningala niya ito nang nakasimangot pa rin. Hinawakan ni Nicko ang pisngi niya at tiningnan siya nang seryoso.

“Maganda ka naman, Rebecca,” sabi nito, mababa ang tinig. “Bakit ba ayaw mong maniwala?”

Ngumiti siya. Kilala niya ang sarili. Hindi siya bobo, mabait siya, mapagmahal, loyal, magaling makinig, may talent sa pagsulat. At alam din niyang ‘maganda’ ay isang salita na hindi niya puwedeng gamitin sa sarili. “I don’t think so,” natatawang turan

niya. “I’m very simple and ordinary.”

“You may be simple, my Dear, but not ordinary.”

Tila sabay silang nagulat sa sinabing iyon ni Nicko. Nagtaka rin ang binata sa sarili kung bakit nito nasabi iyon. Pero alam nitong totoo ang sinabi niya. Simple lang talaga si Rebecca. Lipgloss at pulbos lang ang gamit na makeup. Her hair was tied in a careless knot at the back of her head. Amoy-malinis ito. Amoy-sabon at shampoo lang, saka isang discreet na pabango. At doon lang na-realize ni Nicko na napaka-sexy pala ng simplicity.

Nagitla naman si Rebecca dahil sa pagkakagamit nito ng lalaki sa endearment. Maraming lalaki na ang nagtangkang tumawag siya ng kung anu-ano. Honey, Baby, Sweetheart... lahat iyon ay pinagalitan niya dahil naiinis siyang tawagin sa isang pangalan na sa tingin niya ay ordinaryo at... corny. Pero may ibang dating nang manggaling iyon sa binatang kaharap.

Dahil bigla siyang natakot sa maaaring ibig nitong sabihin, ngumiti siya nang mapanukso. “Thank you, Honey,” biro niya.

Ilang segundong blangko ang mukha ni Nicko, ngunit ngumiti rin ito nang pilyo mayamaya. “Honey pala, ah. Sige, ‘Dear’ na ang itatawag ko sa ’yo mula

ngayon.”

Tumawa lamang si Rebecca, pero sa loob-loob niya, naglululundag sa kilig ang kanyang puso.

---

Sa ika-apat na araw nila sa Baguio, sumakay sila muli ng jeepney biyaheng *Mines View Park*, pero bumaba sila pagdating sa *Botanical Garden*. Tahimik doon at pakiramdam ni Rebecca ay pagkabangobango dahil doon nagku-cultivate ng pine trees at iba pang mga halaman. Nakatingala siya sa langit at nakapikit habang sumisilay ang isang kontentong ngiti sa kanyang mga labi.

Lihim itong pinagmamasdan ni Nicko. Mula nang mapansin niya ang kakaibang kagandahan ng dalaga noong nakaraang araw ay hindi na niya mapigil ang sariling pagmasdan ito kapag magkasama sila at isipin naman ito kapag hindi niya ito nakikita.

Napag-isip tuloy siya. Nagpunta siya sa Baguio para magbakasyon. Para mapahinga ang katawan at lalo na ng pagal na puso. Pagkatapos, heto ngayon si Rebecca na siya na yatang pinaka-interesting na babaeng nakilala niya. Nalaman niyang may secret dream itong maging manunulat, pero hindi lang masimulan ang gusto talagang career dahil sa

pagiging praktikal nito. Simple lang ito sa pananamit, sa ayos, pero hindi pa rin niya maalis sa isip na napakaganda nito. Hindi nakakasawa ang mukha, maganda ngumiti at may magagandang dimples, napakalinis at napakabango.

Kunwari namang hindi napapansin ni Rebecca na nakatitig sa kanya ang katabi. Ilang gabi na rin niyang pinagpapantasyahan ang lalaki. Guwapo si Nicko. Ang hitsura nito ang tipong-tipo niya—matangkad at balingkinitang pangangatawan, singkit, may kahabaan ang mukha at makapal ang labing mamula-mula. Iyong tipong hindi makabasag ng pinggan, pero lalaking-lalaki pa rin. Gentleman ito at ubod nang bait. Mapagmahal din sa pamilya dahil mula nang makilala niya ito ay araw-araw niyang nakikitang tumatawag sa mga magulang nitong nasa Cavite para mangumusta.

Inangat ni Nicko ang kamay sabay hila sa maliit na dahong napansin niyang nahulog sa buhok ni Rebecca. Tuluyan nang nagmulat ng mga mata ang dalaga saka ngumiti sa lalaki.

“Bakit wala kang boyfriend?” Hindi na nito napigilan ang sarili at naitanong na rin ang matagal nang gustong malaman.

Tumawa si Rebecca. Sa tingin niya ay

napakaseryoso ng anyo ng binata para sa tanong nito. “Kasi walang magkamali sa ’kin.”

“Yeah, right,” sarkastikong sagot ng lalaki habang iniikot pa nito ang mga mata. “Huwag mong sabihing walang nanliligaw sa’yo?”

Nagbibirong tumingin-tingin sa paligid ang babae. “Wala naman akong nakikitang nakapila.”

“Becca, I’m serious.”

Pinagmasdan ni Rebecca ang anyo ni Nicko, saka bumuntong-hininga. Seryosong-seryoso kasi ang kaharap. “May mga nanligaw naman sa ’kin, binasted ko nga lang lahat,” amin niya. “Saka hindi ako ligawin, Nicolin. Hindi ako ’yung tipong babaeng gini-girlfriend. Pang-best friend lang ako.”

“Ano ka ba?” tila galit na bulyaw ng binata na ikinagulat ni Rebecca. “Pinapairal mo na naman ’yang insecurities mo.”

“Excuse me, hindi po ako insecure, ’no,” depensa ni Rebecca sa sarili. “Honest lang po. Lahat yata ng naging crush ko, friends lang ang tingin sa akin. ’Yung mga nanligaw naman sa’kin, hindi ko gusto. So lahat ng nanligaw sa’kin, binasted ko.”

Napatingin si Nicko rito; halatang nabigla. “Ibig

mong sabihin wala ka pang nagiging boyfriend?”

Umiling sa Rebecca. “Pathetic, ’no?” Tumawa siya nang walang sigla. “Kahit gusto ko, pag nanligaw na sa’kin, ayaw ko na. ‘Ayun.” Nagkibit-balikat ito.

Natigilan si Nicko. Paano pala niya ito liligawan ngayon?

*Ano ka ba, Nicolin? S’an naman nanggaling ’yang pag-iisip na ’yan?*

“Good luck. Tatanda kang dalaga niyan,” nakasimangot nitong sabi.

Tumawa si Rebecca; isinukbit ang braso sa braso ng lalaki, sabay humilig sa balikat nito. “Imbitado ako sa kasal mo ha, Nicko.”

Napangiti ang binata at ginulo pa ang buhok ng kaibigan. “Oo naman, gagawin pa kitang best man ko.” Nang hindi napigilan ang sarili, ginawaran niya ng halik ang buhok ni Rebecca, bago ihilig ang sarili nitong ulo sa dalaga.

---

“S’an tayo pupunta?” tanong ni Nicko nang nasa taxi na sila ni Rebecca.

“Sa *Bell Church*,” sagot nito. “Bagay ka d’un kasi

mukha kang Chinese.”

Bumaling siya sa bintana ng taxi. Parang malalim ang iniisip niya kaya hindi na siya muling kinulit pa ni Rebecca.

Kagabi ay tumawag si Amanda, nakikipagbati ito. Kung talaga raw hindi pa siya handang makasal ay hindi na umano siya nito pipilitin. Hindi alam ni Nicko ang sasabihin kaya sinabi na lang niyang mag-usap na lang sila pagbalik niya sa Maynila.

Namalayan na lang niyang nasa *Bell Church* na sila ni Rebecca. Lumabas sila ng taxi at tiningala ang mga oriental na bubong ng mga templo. Naglakad-lakad sila at siyempre sangkatutak na litrato na naman ang kinuha nila. Pinipitik-pitik pa ni Nicko ang ilong ng isang dragon bago ito magkunwaring nagalit ang estatwa at nagtangkang kakainin siya kaya nakanganga siyang nakuhanan ng larawan ni Rebecca at kunwaring nagtatatakbo palayo.

Kahit piliting maging magiliw ni Nicko, nahalata pa rin siya ng dalaga. Sa isang pagoda, hinawakan nito ang kamay niya saka siya hinila upang maupo sa isa sa mga pulang bangko sa loob.

“What’s wrong?” tanong ng dalaga.

Nagulat si Nicko. Bihira lang ang nakakapansin



kapag may problema siya. Kahit si Amanda ay hindi nahuhulaan kapag may tampo siya o kaya ay sumpung. Ngayon, si Rebecca na ilang araw pa lang niyang kasama ay tila kilalang-kilala na siya.

“Wala naman,” pagtatago pa rin niya.

Nanatiling tahimik sa tabi niya si Rebecca, pinagmamasdan lang siya. Hindi niya alam kung bakit, pero parang hindi niya magawang maglihim dito. Humugot siya ng malalim na hininga. “Si Amanda, ’yung ex ko,” pasimula niya. “Tumawag siya kagabi.”

Hindi niya napansin ang pag-iiba ng anyo ng pagkakaupo ni Rebecca sa tabi niya. “O, ano’ng sabi?”

Nagkibit si Nicko. “Nakikipagbalikan.”

“Ano’ng sabi mo?” patay-maling tanong ni Rebecca. *Ouch! Ouch! Ouch!* sa loob-loob nito.

“Wala.” sumandal ang lalaki sa sandalan ng bangko. “Sabi ko mag-usap na lang kami pagbalik ko ng Manila.”

Kumikirot man ang loob, nagtanong pa rin si Rebecca. “Mahal mo pa ba siya?”

Matagal na tahimik si Nicko, nakatingin lamang sa kawalan. Muli itong bumuntong-hininga bago

sumagot. “Oo na hindi.”

“Naku, mahirap ’yan,” birong sagot ni Rebecca. “May mga doktor para sa ganyan.”

Dumila si Nicko at natawa nang bahagya. “Hindi ko sigurado kung anong klaseng love ba ’yung nararamdaman ko. Mahal ko siya kasi kaibigan ko naman ’yung tao noon pa. Pero kaya nga ako nakipag-break sa kanya kasi hindi ko sigurado kung gusto ko siyang pakasalan.” Bumaling ito sa dalaga. “Biro mo, two years na kami magkasama ’tapos hindi ko pa pala sigurado kung siya ba ang gusto ko mapangasawa. Pakiramdam ko, niloloko ko lang siya. Na niloloko ko lang kaming dalawa.”

Tumango si Rebecca, kinuha ang kamay ng binata bago pinisil iyon. “Pumikit ka.” Tiningnan siya ni Nicko nang nagtatanong. “Pikit ka lang.”

“Ayoko, baka bigla mo ko halikan.” Hinampas niya ito sa noo at tumawa ito bago pumikit.

“Isipin mo si Amanda.”

Inisip nga ni Nicko ang dating nobya—maganda, nakaayos, nakangiti sa kanya.

“Isipin mo pag nagkita kayo sa Manila, pag-uwi mo.” Sinunod niya ito. “Isipin mo kung ano ’yung

mararamdaman mo kapag nakita mo siya ulit.”

Inisip niyang sinasalubong siya ni Amanda ng yakap at halik. Sa isip niya, niyakap niya ang dating nobya at siniil ng halik ang labi. Matamis iyon, mapusok, punung-puno ng pagmamahal. Iniisip niya, hinaplos ni Amanda ang batok niya bago idaan ang mga daliri nito sa buhok niya. Pero nang kumalas siya sa dalaga, hindi na si Amanda 'yung hinalikan niya. Kitang-kita niya sa isip ang mukha ni Rebecca.

Bigla siyang napadilat at nakita ang dalagang katabi.

“Huwag ka muna dumilat,” pagalit nitong sabi.

“Huwag na nating pag-usapan si Amanda, okay?” sumamo niya sabay tayo. “Saan tayo kakain ngayon? Gutom na ko.”

Hindi na nagtangka pang magtanong si Rebecca. Siya rin naman kasi ang nahirapan nang pati siya ay napaisip na sasalubungin si Nicko ng yakap at halik ang ibang babae.

---

Sa Session Road na sila kumain at pagkatapos ay niyaya ni Nicko si Rebecca na pumunta sa *Lourdes Grotto*. Nag-jeep sila papunta roon at nang nasa

paanan na sila ng mataas na hagdanan, magkasabay silang napatingala sa tila napakaliit na grotto mula sa kanilang kinatatayuan. Marami ring tao ang naglalakad paakyat-panaog sa mahigit dalawang daang hakbang nito.

Sisimulan na ni Nicko ang pag-akyat nang pigilan siya ng dalaga. Tiningnan niya ito.

“Sandali lang,” sabi ni Rebecca. “You have to make a wish.”

“Bakit?”

“Ganoon daw kasi ’yun. Dapat mag-wish ka muna bago ka umakyat. Pag nakarating ka sa ’taas, matutupad daw ’yung wish mo.”

“Talaga?” Muling binalingan ni Nicko ang tuktok ng hagdanan. “Merong maganda, matalino at napaka-sexy na babae sa tuktok ng grotto na ito na mamahalin ko at mamahalin ako habambuhay?”

“Sira!” Hinampas na naman siya ni Rebecca. “Seryosohin mo ’no. Baka tamaan ka ng kidlat.” Pumikit ito para mag-wish.

“Seryoso naman ako,” pabiro niyang sabi. At iyon nga ang totoo. Gusto niya ng isang babae na mamahalin niya nang totoo at siya ring magmamahal

sa kanya habambuhay. Pumikit siya at humiling, pero bago napigilan ang sarili, ang nahiling niya ay isang lalaking magmamahal kay Rebecca gaya ng magiging pagmamahal niya rito... kapag nabigyan sila ng pagkakataon.

Dumilat siya at nabungarang nakangiti na ang dalaga sa kanya. “Parang seryoso ’yang wish mo, ah.”

Ngumiti siya. “Seryoso talaga. Nag-wish ako na may winning lotto ticket pagdating natin d’un.”

Tumawa ni Rebecca saka nagsimulang umakyat sa matarik na hagdanan. Hinabol niya ito at hinawakan sa kamay, at sabay silang humakbang paakyat.

---

Gabi na nang makabalik sila sa hotel. Nananakit ang mga hita ni Nicko at ibinagsak niya ang katawan sa kama ni Rebecca.

“Dapat matupad ang wish ko, oh, God!” madramang hiyaw nito, sabay hila ng unan at ipinatong iyon sa mukha.

“Ito naman, para two hundred fifty steps lang ang inakyat, ’kala mo utang-na-loob na ni Lord sa kanya ’yun.”

Sumilip si Nicko mula sa ilalim ng unan at

inirapan siya. “Excuse me, two hundred fifty-two steps ’yun sa bilang ko, at hindi ko sinisingil si Lord, nagmamakaawa lang ako.” Muli nitong tinakpan ng unan ang mukha.

“Magpahinga ka na nga,” utos ni Rebecca sabay lapit sa pinto. “Hoy! Ano’ng ginagawa mo?” sigaw niya nang mapansing itinutulak ng isang paa ni Nicko ang sapatos pahubad sa kabilang paa.

“Sabi mo magpahinga.”

“Oo nga, pero hindi dito. D’un ka sa kuwarto mo.”

Sumilip muli si Nicko mula sa ilalim ng unan. “Hindi ko na kayang tumayo. Maawa ka naman sa ’kin na isang kawawang lalaki na hinila mo paakyat ng *Lourdes Grotto*.”

Padabog na naupo si Rebecca sa gilid ng kama at inagaw ang unan mula sa binata. “Hoy, ikaw ang nag-aya na magpunta tayo sa grotto. Kaya kung napagod ka, ikaw ang may kasalanan n’un.”

“Hay,” malakas na sabi ng binata, sabay tayo. Humakbang ito papuntang pintuan. “D’un na nga ’ko sa kuwarto ko magpapahinga. Baka nga naman mapagsamantalahan ako dito. Hindi mo pa naman mapigil iyang pagnanasa mo sa katawan ko.”

Binato ito ni Rebecca ng unan, pero mabilis nitong nasangga iyon ng pinto. Muli itong sumilip at ngumiti nang nakakaloko.

“Pero kung gusto mo talaga ang katawan ko, kumatok ka lang mamaya. Welcome ka d’un sa kuwarto ko.”

Nasangga nitong muli ng pinto ang pangalawang unan na ibinato ng dalaga.

### 3

Sabado na nang dalhin ni Rebecca si Nicko sa *Philippine Military Academy*. Doon din nalaman ng binata na noong bata pa ang dalaga, gusto nitong pumasok sa *PMA*. Pinagmasdan niya ito mula ulo hanggang paa.

“P’wede sana,” sabi niya, “kung tumangkad ka pa ng mga ten inches.”

Kinurot siya nito na siya niyang ikinatawa. Naglakad-lakad sila sa malawak na grounds at pinanood ang mga nag-eehersisyong mga kadete. Naka-buzz cut lahat ang buhok ng mga ito at naka-suot ng gray na sweatshirt. May nakasalubong silang ilang naka-dress uniform at kinilig si Rebecca nang ngitian ng isa sa mga ito.

“Ang guguwapo ng mga *PMA*-ers, ’no?”

Nakasimangot pa rin si Nicko habang sinusundan ng tingin ang kadeteng ngumiti kay Rebecca. Magkasing-tangkad sila ng lalaki, ngunit habang may kapayatan siya, matipuno ang katawan nito.

“Guwapo ang uniporme nila, iyon ang sabihin mo,” may anhang na turan niya.



“Hindi. Guwapo talaga sila,” pagpipilit ni Rebecca. May nakasalubong na naman silang kadete at hindi lang ito ngumiti, kumindat pa.

Inis na inakbayan ni Nicko ang kasama at binilisan ang lakad. Nakatingin sa madilim niyang mukha si Rebecca, na tila nagtataka.

“Bakit?” tanong nito.

“D’un tayo, sa may tangke. Hindi kumikindat ’yun,” iritadong sagot ng binata.

Tumigil sa paglalakad si Rebecca. “Aba, ang mama,” natatawang anito. “Selos ka ’no?”

Nanlaki ang singkit na mga mata ng binata. “Ako? Magseselos? Mas guwapo pa ’ko sa mga ’yan. Suotan mo ’ko ng dress uniform, patataobin ko ’yang mga ’yan,” sabi nito sabay irap sa isa pang kadeteng napadaan at nakatingin din kay Rebecca.

“Eh, kung hindi ka nagseselos, bakit parang ayaw mong mangitian ako ng mga *PMA*-ers?”

“Hindi ’no!” Mayabang ang tono ni Nicko.

Lihim na napangiti si Rebecca. “Hindi ka pala nagseselos. So diyan ka lang ha. Sandali lang ako.”

Naiwang nakatunganga si Nicko nang salubungin

ni Rebecca ang isang matangkad na kadete. Tumigil sa paglalakad ang lalaki at nanatiling nakatayo sa harap ng dalaga. Nakangiti ito at mukhang isang batang version ni Aga Muhlach. Inangat ni Rebecca ang braso at pinitik ang bill ng suot nitong cap. Nahulog sa semento ang cap na iyon at mas lalong lumawak ang ngiti ng guwapong kadete. Sa *PMA* kasi, kapag ginawa mo iyon sa isang kadete, kailangan ka nitong halikan.

Biglang naging mas pula pa sa bandera ng komunista ang paningin ni Nicko nang yumuko si Aga Muhlach at ginawaran ng halik ang pisngi ni Rebecca. Padabog siyang lumapit dito at hinila ang babae. Tumawa ang dalaga at kinawayan ang kadeteng nakangisi pa rin, bago tuluyang nagpakaladkad kay Nicko. Mahigpit ang pagkakahawak nito sa braso niya, at nang masaktan saka lang niya nalamang hindi nagbibiro ang binata.

“Masakit na, Nicko,” sabi niya habang hinila ang braso na agad namang binitawan ng binata. Mainit pa rin ang ulo nito at kulang na lang ay may makita siyang usok galing sa ilong nito na parang toro.

“Nananadya ka ba?” baling nito sa kanya na madilim ang mukha. Ngayon lang niya nakitang galit ito. Halos manlisik ang mga mata at nakakuyom ang

mga palad. Nahiihiya man siya sa loob na aminin, pero kung inisip niya noon na guwapo ito dahil parang ang bait-bait, ngayon ay naging sexy ito ang dating nito dahil may tinatago palang kapangahasan.

Nananadya nga ba siya? Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanya para gawin iyon, pero ang alam niya ay natuwa siya nang lihim nang makitang nagseselos si Nicko... kahit kaunti lang.

“Hindi ’no!” sagot niya habang hinihimas ang brasong para yatang magkakapasa sa pagkakahigpit ng hawak nito. “Para naman kasing bigla na lang ako bubuhatin n’ung kadete at momolestyahan sa likod ng puno. Para binibiro ko lang naman ’yung tao.”

“Puwes ’wag sa harap ko!” Matigas na ang tono ni Nicko at nanginginig na ang mga nakakuyom na kamay sa galit.

“At bakit?” tanong niya. Kung hindi lamang sila nasa gitna ng daan ay nasigawan na niya ito. “Hoy, Nicolin Callanta, hindi po tayo mag-boyfriend para magalit ka nang ganyan na hinalikan ako ng ibang lalaki. If I know, inggit ka lang kasi ’yung kadeteng ’yun, naka-kiss na.”

Nakita niya ang pagbabago sa mga mata ni Nicko. Hindi lang apoy ng sumabog na bulkan ang nakita

niya rito kundi para itong unti-unting nagliwanag, at ang mabagal na ngiti na sumilay sa mga labi nito ay tuso. Napahakbang siya palayo ngunit sinundan siya ng binata. Bago siya nakatalikod ay nahawakan na siya nito sa magkabilang balikat at nginitian nang mapanukso. Wala na siyang nagawa kundi tumingin sa mga mata nito at maghintay.

Inilapit ni Nicko ang mukha nito sa kanya habang nakatitig sa kanyang mga mata. Hindi niya mawari, pero nagwawala ang puso niya at tila may heavy metal band na tumutugtog sa loob ng dibdib niya. Hindi niya alam kung ano ang gagawin.

Napapikit siya at marahang inangat ang mga braso para iangkla sa leeg ng binata. Napakalapit na ng mga labi nito sa labi niya... pagkatapos ay pinitik siya nito sa noo.

“Aray!” sigaw niya bago gumanti ng pingot sa tainga nito.

Nagtatatawang nagtatakbo si Nicko palayo at masaya ring humabol ang dalaga rito.

---

Tahimik silang dalawa sa loob ng taxi habang nagbibiyahe pauwi. Nakatingin si Rebecca sa labas ng bintana, habang nakasandal naman si Nicko sa

balikat niya at natutulog. Hinahaplos niya ito sa tainga.

Ibinaling niya rito ang ulo at nagulat pa siya ng di-sinasadyang dumampi sa noo nito ang mga labi niya. Napangiti siya at ginawaran na niya ito ng halik.

*Ang guwapo-guwapo talaga ng mokong na 'to,*  
sabi niya sa sarili.

Niyugyog niya nang marahan ang balikat nito para magising. “Malapit na tayo sa hotel,” bulong niya.

Nagtaas ng mukha si Nicko at binigyan siya ng isang inaantok pang ngiti bago naupo ng tuwid at nag-inat.

“Nagugutom ka ba?” Nagkusot ito ng mga mata.

“Medyo,” sagot niya. “S’an tayo kakain?”

Ngumiti si Nicko. “Mauna ka na sa ’taas pagdating sa hotel, ako na ang bahala.”

---

Nakahiga na sa kama si Rebecca, nakakumot at yakap ang unan. Nakakunot ang noo niya. Si Nicko na ang nagprisintang bibili ng makakain nila kaya hinihintay niya ito. At habang naghihintay, hindi

niya mapigilang isipin ang mga sandaling kayakap niya ito kanina sa *PMA*. Parang walang mali na mangyayari sa mundo habang nasa mga bisig siya nito. Kahit pumutok pa ang bulkan, bumagyo, mag-tsunami at magunaw ang mundo, pakiramdam niya ay mananatili pa rin siyang nakatayo, ligtas at yakap pa rin nito.

*Heh! saway niya sa sarili at dumapa. Kapayattapayat n'un, iniisip mong kaya kang protektahan na parang si Hercules. Kung anu-ano iniisip mo. Isa pa, may Amanda na 'yun!*

Muli siyang pumikit at nagulat nang napansing nagpipigil siya ng luha. Ang tarantadong iyon. Iiyakan pa yata niya.

Nag-angat siya ng ulo nang may marinig na mahihinang katok sa pintuan. Alam naman niyang si Nicko iyon, pero sinilip pa rin niya sa peephole ng pinto. Naroon nga ang binata. Suot pa rin nito ang berdeng jacket na suot kaninang galing sila sa *PMA*, at nasa likuran ang mga kamay.

Magmamadali sana siyang mag-ayos ng buhok nang maisip na si Nicko lang iyon—her friend. Binuksan niya ang pinto at akmang may sasabihin nang sumalubong sa kanya ang nakaangat nang mga kamay ng binata. May hawak itong isang palumpon

ng puting rosas at dalawang plastic bag. Isa rito ay isang malaking plastic bag ng *McDonald's* take-out.

“May pa flowers-flowers ka pang nalalaman, ah.” Tinanggap niya ang mga bulaklak at pinatuloy ang binata.

“Oo nga. Nakita ko lang ’yan sa lobby. Nahiya naman ako kung pati ’yung vase kukunin ko,” nakangiti nitong sagot habang inaayos ang mga plastic sa mesa. Kinutusan muna niya ito bago tinabihan at inusyoso ang mga dala.

May isang grocery bag ito na puno ng chichiria at kung anu-anong makukukot at dalawang malaking bote ng *Coke Light* na siyang paborito niyang inumin. Inaayos na nito ang mga pagkaing galing naman sa *McDonald's* na nasa ibaba lang ng hotel.

“We’ll have dinner in bed. Alam ko namang matakaw ka so binilan na rin kita ng chicken nuggets at French fries.” Inabot nito sa kanya ang isang double cheeseburger, isang karton ng chicken nuggets at isang order ng large fries.

“Ang kapal mo.” Kinuha niya ang inaalok na pagkain nito at naupo sa gitna ng kama. Sa totoo lang, lahat ng hindi niya kayang ubusin na pagkain ay si Nicko ang ngumangata. Tumabi ito sa kanya at

inayos ang kakainin sa sidetable.

“Nicko,” ungot niya sa naglalalambing ang tono. Tumingin naman ito sa kanya. “Pag nasa Manila na tayo, magkaibigan pa din tayo, ha. Lalabas pa din tayo, kakain sa *McDo*.”

Ngumiti ang binata. Kumuha ito ng bulaklak mula sa palumpon na binigay niya rito saka inipit iyon sa tainga ni Rebecca. “I promise.”

Umayos sila ng pagkakaupo at nanonood ng TV habang kumakain. Inabot sila ng madaling araw at nakatulugan na ni Rebecca ang pinapanood nang magligpit si Nicko ng mga kalat nilang pinagkainan. Pinatay na niya ang TV at nag-iwan na lang ng lampshade na bukas. Kinumutan niya si Rebecca at hinalikan ito sa noo.

Nagbukas ng mga mata ang dalaga at hinawakan siya sa manggas ng suot na t-shirt. “Dito ka na lang matulog.” Pumikit itong muli, pero hindi binitiwang ang damit niya.

“Ayoko, baka molestyahin mo ’ko.”

Hinampas siya nito ng unan at tumawa siya, pero nag-alis na siya ng sapatos at tumabi sa kaibigan. Nagsumiksik si Rebecca sa tabi niya at yumakap sa baywang niya. Niyakap na rin niya ito at hinaplos sa



*Rebel Heart - Elise Estrella*

---

buhok hanggang sa mapansing malalim na ang tulog  
ng katabi.

Magdamag niyang pinanood ang pagtulog nito.